



PROGRAMANG MALASAKIT NA MAGAGAMIT PARA TULUNGAN ANG MGA KOSTUMER SA KANILANG BAYARIN SA KURYENTE



Gustong ipaalala ng Liberty sa mga kostumer na may kinakaharap na problema sa pinansiyal o kawalang-katiyakan ang tungkol sa CARE Program. Ang CARE, o California Alternate Rates for Energy, Program ay nag-aalok sa mga kostumer na kuwalipikado ang kita ng 20% na bawas sa kanilang buwanang bayarin sa kuryente.

Para matuto ng higit tungkol sa programang ito o upang malaman kung kuwalipikado kang mag-aplay, bisitahin ang www.LibertyUtilities.com at pindutin ang "Financial Programs" sa ibaba ng "My Account" tab o tumawag sa isa sa aming mga palakaibigang representante sa 1-800-782-2506. Ang mga aplikasyon ay makikita online sa English at Spanish.

Mga Batayan sa CARE Income

Epektibo mula Hunyo 1, 2021 hanggang Mayo 21, 2022

PINAKAMATAAS NA KABUUANG KITA NG SAMBAHAYAN

Bilang ng Indibiduwal sa Sambahayan	Kabuuang Pinagsamang Taunang Kita
1 o 2	\$34,840
3	\$43,920
4	\$53,000
5	\$62,080
6	\$71,160
7	\$80,240
8	\$89,320
Kada karagdagang indibiduwal	\$9,080

Programang Pantulong sa Pagtitipid ng Kuryente

Ang mga kostumer ng Liberty na kuwalipikado ang kita ay karapat-dapat para sa mga libheng pagpapabuti sa bahay upang maging matipid sa kuryente. Para matuto ng higit tungkol sa Programang Pantulong sa Pagtitipid ng Kuryente, pakisuyong bisitahin ang "Financial Programs" tab online.

Programang Batayan ng May Natatanging Medikal na Pangangailangan

Ang Liberty ay nag-aalok ng programang pantulong para sa mga residensyal na kostumer na may natatanging pangangailangan sa kuryente dahil sa mga kinikilalang medikal na kalagayan. Ang mga kuwalipikadong kostumer ay makakatanggap ng ekstensiyon ng kanilang nakabababang batayan sa singilan sa kanilang buwanang bayarin sa kuryente at, kung posible, patiunang abiso para sa isang Public Safety Power Shutoff (PSPS).

Upang matuto ng higit tungkol sa Batayan ng may Natatanging Medikal na Pangangailangan, pakisuyong tumawag sa isang representante sa 1-800-782-2506 o bisitahin ang "Financial Programs" tab online.